# Benepisyo Sa Pagre-retiro At Sa Mga Nabalo

Halos lahat ng mga tao na nakatira sa Estados Unidos ay naa-apektuhan ng sistema ng Social Security—maging sa pagta-trabaho at pagbabayad ng mga buwis ng Social Security o sa pagtanggap ng mga benepisyo ng Social Security. Ang mga benepisyo ng Social Security ay ibinabayad sa mga mang-gagawa at sa kanilang mga nararapat na miyembro ng pamilya kapag nagretiro ang mang-gagawa o nagkaroon ng kapansanan. Ang mga benepisyo sa mga nabalo ay maaaring ibayad sa mga nararapat na miyembro ng pamilya kapag binawian ng buhay ang mang-gagawa. Ang fact sheet na ito ay nagsasabi ng mga benepisyo sa pagreretiro at mga nabalo. Para sa impormasyon tungkol sa mga benepisyo para sa may-kapansanan, mkipagbigay-alam sa Social Security upang makuha ang publikasyong *Mga Benepisyo Para Sa May-kapansanan*, (Publikasyon Blg. 05-10701-TL).

Ang mga taong animnaput limang taong gulang 65 o mas may edad pa, o bulag o may-kapansanan ay maaaring maging karapat-dapat para sa mga kabayaran ng Supplemental Security Income (Karagdagang Kitang Pangseguridad) (SSI). Ang SSI ay nagbibigay ng mga kabayaran sa mga taong may kaunti o walang kita at mga pag-aariyaman. Para sa impormasyon tungkol sa SSI, humingi ng kopya mula sa Social Security ng publikasyong *Kabayaran Ng Supplemental Security Income* (*Karagdagang Kitang Pangseguridad)* (Publikasyon Blg. 05-10702-TL).

## Mga taon ng iyong pagtatrabaho

Hindi kinakailangang ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos para maging karapat-dapat sa coverage ng Social Security. Kung ikaw ay pinayagang magtrabaho ng legal sa U. S., maaari kang mamasukan sa mga trabaho na saklaw ng sistema ng Social Security. Kung nag-trabaho ka, kumita ka na ng coverage sa kalusugang pang-seguridad na benepisyo ng Medicare.

Sa mga taon habang ikaw ay nagta-trabaho, magbabayad ka ng buwis sa Social Security sa mga kinita mo. Kung nagtrabaho ka sa iba, ang pinagli-lingkuran mo ay magbabayad ng katumbas ng halaga ng mga buwis ng Social Security para sa iyong kapakanan. Kung ikaw ay nagtatrabaho sa iyong sarili , pareho mong babayaran ang parte ng buwis ng employee at ng employer. Ang iyong numero ng Social Security ay ginagamit para subaybayan ang mga kinita mo sa ilalim ng talaan na itinatabi para sa iyo ng Social Security Administration. Kahit na mag-palit ka pa ng trabaho, patuloy mo pa ring gagamitin ang parehong numero ng Social Security upang magawa ang talaan ng mga kinita mo.

Dahil ibabatay sa mga kinita mo and mga benepisyo sa Social Security sa panahon ng iyong ipinag-trabaho, mahalagang palagiang gamitin ang parehong numero ng Social Security at paka-siguraduhin na ang lahat ng iyong mga pinag-lingkuran ay ibinabawas ang mga buwis ng Social Security. Ma-verify mo kung ang lahat ng iyong mga kinita ay nakatala sa pamamagitan ng pagba-basa sa kasulatang Social Security na ipina-padala namin sa iyo bawat taon. Ang kasulatan ding ito ay nagbi-bigay ng tinantiyang halaga ng mga benepisyo sa pagre-retiro, kapansanan, at pagka-balo na magiging kabayaran sa talaan ng iyong Social Security.

## Mga benepisyo sa pagre-retiro

Karamihan ng tao ay nanganga-ilangan ng sampung taong 10 ipinag-trabaho kung saan sila ay nagbayad ng buwis ng Social Security upang maging karapat-dapat sa mga benepisyo ng pagre-retiro. Kung ipinanganak ka bago ang taong 1929, mas kaunti sa sampung taong 10 pagta-trabaho ang kailangan mo. Ang halaga ng iyong benepisyo sa pagre-retiro ay batay sa kabuuan ng mga kinita mo sa ilalim ng paraan ng Social Security. Kung gaano kataas ang iyong kinita ay ganuon din kataas ang iyong mga benepisyo.

Ang mga benepisyo sa pagre-retiro ng Social Security ay nag-babayad sa maagang gulang na animnaput dalawang taon 62. Ganoon pa man, ang halaga ng iyong benepisyo sa edad na 62 ay mababa kaysa sa kung sisimulan mo ang mga benepisyo sa pagre-retiro kung medyo may katandaan ka na. Buo mong mata-tanggap ang halaga ng iyong benepisyo sa gulang na animnaput lima 65, kung ipinanganak ka bago ang taong 1938. Ang batas ng Social Security ay binabago upang unti-unting itaas ang buong edad ng pagre-retiro hanggang umabot ito sa edad na animnaput pito 67. Ma-a-apektuhan ng pagbabago ang mga taong ipinanganak sa taong 1938 at later.

Ang ilan sa miyembro ng pamilya ay maaaring maging karapat-dapat tumanggap ng mga benepisyo ng Social Security batay sa talaan ng iyong ipinag-trabaho. Ang kabiyak ng iyong dibdib ay maaaring maka-kuha ng mga benepisyo sa maagang gulang na animnaput dalawa 62, o mas maaga pa kung siya ay nag-aalaga ng inyong anak na tumatanggap din ng benepisyo sa iyong talaan. Kung ikaw ay kasal ng sampung taong 10, maaaring ang dati mong kabiyak ng dibdib ay maging karapatdapat sa mga benepisyo.

Ang mga bata ay maaaring makakuha ng mga benepisyo ng Social Security hanggang sa edad na labing walo 18 o hanggang labing siyam 19 kung sila ay na-pasok sa paaralang elementarya o sekundarya. Ang mga batang mas may edad sa labing walo 18 ay maaaring makakuha ng mga benepisyo kung sila ay may-kapansanan at kung ang kanilang kapansanan ay nagsimula bago sila nag-edad ng dalawanput dalawa 22.

Kung kailan mo binabalak na mag-retiro, kailangan mong makipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security sa taon bago ang taon na pina-plano mong mag-retiro. Ito ay dahil sa ang mga alituntunin ay may pagkamagulo, at para na rin sa iyong kabutihan na umpisahan ang iyong mga benepisyo sa pagre-retiro bago ka talagang huminto sa pagta-trabaho.

(kabila)

## Benepisyo ng mga nabalo

Kapag binawian na ng buhay ang isang mang-gagawa, ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring makatanggap ng mga buwanang benepisyo sa Social Security. Para mabayaran ang benepisyo ng mga nabalo ay depende sa edad at batay sa dami ng trabahong kinakailangan sa oras na mamatay ang isang trabahador.

Ito ay baka nga mas konti sa isa't kalahating taon para sa isang pinaka-batang mangga-gawa. Walang mangga-gawa ang nanga-ngailangan ng mahigit pa sa sampung taon 10.

Ang isang biyudo o biyuda ay maaaring makakuha ng mga benepisyo sa ma-agang edad na animnapu 60, o mas maaga pa kung inaalagaan niya ang inyong anak na tumatanggap din ng benepisyo sa iyong rekord. Ang isang biyudo o biyuda na may-kapansanan ay makakakuha ng mga benepisyo sa edad na limampu 50. Ang diborsiyadong biyudo o biyuda ay maaari ring maging karapat-dapat para sa mga benepisyo.

Ang mga bata ay maaaring makakuha ng mga benepisyo hanggang sa edad na labing walo 18 o hanggang sa edad na labing siyam 19 kung pumapasok sila sa paaralang elementarya o sekundarya. Ang mga batang pasado sa edad na 18 ay maaaring makakuha ng mga benepisyo kung sila ay may-kapansanan at kung ang kanilang kapansanan ay nag-umpisa bago ang edad na 22.

Upang makatanggap ng mga benepisyo para sa mga nabalo mag-apply ka lang agad para matiyak kung ikaw ay nararapat.

## Medicare

Ang Medicare ay binalak na kalusugang pang-seguridad na para sa mga taong animnaput limang taong gulang 65 o mas higit pa, wala pang 65 taong gulang at may-kapansanan o sa mayroong permanenteng kidney failure o na mayroong Amyotrophic Lateral Sclerosis (na tinatawag ding Lou Gehrig's disease).

Kung tumatanggap ka na ng Social Security pag-umabot ka na ng edad na 65 taong gulang, ang coverage ng iyong Medicare ay automatic na mag-uumpisa. Kung hindi, dapat kang makipag-alam sa Social Security dalawa o tatlong buwan bago ka umabot ng 65 taong gulang para mag-sign up sa Medicare.

## Anong talaan ang kailangan mo?

Upang ipakita na ikaw ay nararapat para sa Social Security at upang tulungan kami na mag-pasiya tungkol sa halaga ng mga benepisyo na dapat mong tanggapin, may mga siguradong katunayan na maaari naming hilingin sa iyo. Ang mga kakailanganin mo ay depende sa mga katayuan ng iyong claim. Heto ang listahan ng ilang mga katunayang maaaring kailanganin mo kapag nag-sign up ka para sa Social Security:

- Ang iyong Social Security kard (o rekord ng iyong numero);
- Ang katibayan ng iyong kapanganakan;
- Ang mga katibayan ng kapanganakan ng iyong mga anak (kung sila ay nararapat);
- Ang katunayan ng pagiging mamamayan ng Estados Unidos o kung ang katayuan mo ay legal na dayuhan (o isang batang karapat-dapat) at hindi ipinanganak sa Estados Unidos;
- Ang katibayan ng kapanganakan ng iyong may-bahay at numero ng Social Security kung siya ay nararapat para sa mga benepisyo batay sa iyong rekord;
- Ang katibayan ng kasal (kung magsa-sign up ka sa rekord ng kabiyak ng iyong dibdib);
- Ang mga papeles ng iyong military discharge kung mayroon kang serbisyo sa military; at
- Ang iyong pinaka-huling W-2 form o ang iyong tax return, kung ikaw ay nagta-trabaho sa iyong sarili.

Ito ay listahan ng ilan lamang na katunayan upang matulungan kang maghanda. Ipapaalam namin sa iyo kung kailangan ang iba pang katunayan kapag nag-file ka na ng claim.

Mahalagang Tandaan: Kakailanganin mong mag-submit ng mga orihinal na katunayan o mga kopyang katunayan ng tanggapan na nag-isyu nito. Maaari mong ipadala sa koreo o dalhin ang mga ito sa Social Security. Kukuha kami ng kopya at ibabalik namin ang iyong mga katunayan. Kung wala sa iyo ang lahat ng mga katunayang kailangan mo, huwag ipagpaliban ang pagsa-sign up para sa Social Security. Matutulungan ka naming kunin ang impormasyon na kailangan mo.

## Pagkontak sa Social Security

Para sa mga karagdagang impormasyon at upang matagpuan ang aming mga publikasyon, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**). Masasagot naming ang mga specific mong katanungan at makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw.

**Kung kailangan mo ng interpreter** sa pag-aasikaso ng iyong Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kinakausap kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang salita mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter sa oras ng iyong pag-bisita.

Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag. Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10700-TL
Retirement and Survivors Benefits (Tagalog)
January 2005